ANO KUNG ANG LIHIM NA NAGSUSUBAYBAY AY ISANG DAYUHAN ? WHAT IF THE STALKER IS AN IMMIGRANT?

■ Ang lihim na pagsusubaybay (stalking) ay isang krimen. Ang pagkuha lamang ng utos ng proteksyon (protective order) ay hindi paraan para ilagay sa panganib na maalis o mapalayas ang lihim na nagsusubaybay (stalker) mula sa Estados Unidos.

■ Ang lihim na nagsusubaybay ay *maaring* maalis kung lumabag sa utos ng proteksyon, o mga ibang paglabag ng batas ng imigrasyon o batas na kriminal.

MGA TAKBUHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN CRIME VICTIM RESOURCES

EMERHENSYA: EMERGENCIES

Departamento ng Pulisya ng iyong Pook 911

Nasyonal na Sentro ng 800-FYI-CALL

MGA PROGRAMA ng TAGAUSIG na TUMUTULONG sa SAKSI ng BIKTIMA: Prosecutor's Victim-Witness Assistance Programs

Siudad at Pook ng Honolulu	547-7401
Pook ng Hawai`i	934-3306
Pook ng Kaua`i	241-1898
Pook ng Maui	270-7695

SADYA na NUMERO (HOTLINE) para sa SERBISYO sa mga BIKTIMA ng ABUSO ng SAMBAHAYAN: DOMESTIC VIOLENCE VICTIMS SERVICES HOTLINE

Siudad at Pook ng Honolulu	841-0822
Pook ng Hawai`i	322-7233
Pook ng Kaua`i	245-6362
Pook ng Maui	
Mga Babae Tutulong SA Mga Babae	
(Kukupan/Bagong Telepono)	808-579-9581
CFS (Bagong Telepono)	808-877-9888
Moloka'i	567-6888
Lana'i	
Mga Babae Tutulong Sa Mga Babae	
	808-579-9581
CFS	808-877-9888

SADYA na NUMERO para sa mga SERBISYO sa mga BIKTIMA ng PAGGAHASA: SEXUAL ASSAULT VICTIM SERVICES HOTLINE

Siudad at Pook ng Honolulu	524-7273
Pook ng Hawai`i	935-0677
Pook ng Kaua`i	245-4144
Pook ng Maui	808-873-8624
(Lana'i & Moloka`i)	866-443-5702

Mga SERBISYO ayon sa BATAS ng IMIGRASYON: IMMIGRATION LEGAL SERVICES

Hawaii Immigrant Justice Center
(formerly Na Loio - Immigrant Rights and Public Interest Legal Center)
Oahu: (808) 536-8826
Neighbor Islands: 1-877-208-8828

SADYA na NUMERO para sa PANSAMANTALANG UTOS ng PAGPIGIL: TEMPORARY RESTRAINING ORDER HOTLINE

Dito lang sa O`ahu	538-5959

Tagalog

Ano ang Kailangan mong Malaman Tungkol sa Lihim na Pagsubaybay



What You Need to Know About Stalking

Ang proyektong ito ay tinustusan ng Grant No. 2002-WE-BX-0049 na ipinagkaloob ng Opisina ng Karahasan Laban sa Kababaihan, Opisina ng mga Programa ng Hustisya, at Departamento ng Hustisya ng U.S. Ang mga opinyon sa dokumentong ito ay galing sa maygawa at hindi kinakailangan na katawanin ang opisyal na paninindigan o mga patakaran ng Departamento ng Hustisya ng U.S.

DEPARTAMENTO ng ABOGADO HENERAL ng HAWAI`I
GRANTS ENFORCING ARREST POLICIES TRAINING PROJECT
235 South Beretania Street, Suite 401
Honolulu, Hawai`i 96813
Telephone (808) 586-1150
Fax (808) 586-1373

06/2004

ANO ANG LIHIM NA PAGSUBAYBAY? WHAT IS STALKING?

Ang lihim na pagsubaybay (stalking) ay *kahit na anong* hindi gustong pakikitungo ng lihim na nagsusubaybay at ng biktima na nagbabanta o inilalagay ang biktima sa takot.

Maganap ang lihim na pagsubaybay kung ang taong di kilala, kakilala, kapwa-trabahador, dating- asawa, dating-kinakasama, o ano mang ibang tao ay paulit-ulit na:

- Gumawa ng hindi ginusto na pakikitungo ng personal o sa pamamagitan ng koreo, e-mail, fax, o telepono. Mag-iwan ng hindi ginustong mga regalo, bulaklak, maikling sulat o iba pang mga bagay sa iyong sasakyan, sa iyong tahanan, o sa iba pang lugar.

- Magmaneho siya at daanan ka sa iyong tahanan, eskuwela, o trabaho para takutin o sundan ka.

- Biglang sumipot na hindi mo inaasahan sa mga lugar na pinuntahan mo "baka sakali."

LIHIM NA PAGSUBAYBAY SA INTERNET STALKING ON THE INTERNET

"Cyberstalking" ay maganap kung ang lihim na nagsusubaybay ay paulit-ulit na gumamit ng internet, e-mail, o ibang elektroniko na komunikasyon para yamutin, takutin o ligaligin ka. Ang mga asal na ito ay kasama ang pagpapadala ng nakakatakot o nakakainsultong mga e-mail sa iyo at/o magkalat ng mga kasinungalingan tungkol sa iyo sa mga 'chat rooms'.

PAANO MO MALAMAN KUNG IKAW AY BIKTIMA NG LIHIM NA PAGSUBAYBAY HOW TO RECOGNIZE IF YOU ARE A VICTIM OF STALKING

Mula ng nagumpisa ang lihim na pagsubaybay, *nakaramdam ka ba* ng takot, pag-alala, pagbubukod, pagkakasala, hinala, tinding pag-alala at/o lubhang-pagkaalam, palaging pagkawala ng pansariling kaligtasan, paghina ng paggawa ng trabaho o pag-aaral, o wala ng kayang magtiwala sa ibang tao? Ang mga ito ay karaniwan na reaksyon ng lihim na sinusubaybayan. Alalahanin mo na hindi mo kasalanan ang iyong nararanasan.

KUNG IKAW AY LIHIM NA SINUSUBAYBAYAN IF YOU ARE BEING STALKED

- Tawagin ang pulis sa 911 tuwing mangyari ang lihim na pagsubaybay.

- Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles, sabihin sa teleponista ng 911 kung ano ang iyong lengguwahe at humingi ka ng tagapagsalin (interpreter).

- Gumawa ka ng arawang tala ng pagyayari. Isulat mo ang petsa, oras, at lugar ng pagyayari. Isama mo ang paliwanag kung ano ang nangyari at listahan ng mga saksi (kung mayroon). Ibigay mo ang impormasyon na ito sa pulis.

KUNG IKAW AY NASA MALAMANG NA DUMATING ANG PANGANIB, PUMUNTA KA SA LIGTAS NA LUGAR IF YOU ARE IN IMMINENT DANGER, GO TO A SAFE PLACE

- Pumunta ka sa istasyon ng pulis, istasyon ng bombero, simbahan ng lugar ninyo, ospital, o tahanan ng kamag-anak, mga kaibigan, at/o mga kapitbahay.

- Pumunta ka sa publiko na lugar. Ang mga lihim na nagsusubaybay (stalkers) ay hindi basta bastang manggulo sa lugar na publiko.

GUMAWA KA NG PLANONG PANGKALIGTASAN DEVELOP A SAFETY PLAN

- Alamin mo kung paano makapunta sa ligtas na lugar: tahanan ng kaibigan o kamag-anak (na hindi alam ng lihim na nagsusubaybay) o ang pulis sa lugar ninyo.

- Palitan mo ang oras at ruta ng iyong paglakbay.

- Alamin mo kung paano marating ang taguan (resources) ng sambahayang karahasan (domestic violence) sa lugar ninyo at/o sentro ng gahasang (sexual assault) pagamotan.

- *Pagisipan mong kumuha ng klase sa pag-tanggol sa sarili (self-defense).*

KUMUHA NG TRO, UTOS NG PROTEKSYON O UTOS NG KORTE SA PAGPAPATUPAD OBTAIN A TRO, PROTECTION ORDER OR INJUNCTION

- Ang mga pansamantalang utos ng pagpigil, utos ng proteksyon, o utos ng korte na pagpatupad ay ibinibigay ng korte. Ang mga utos ng proteksyon maaring utusan ang lihim na nagsusubaybay na pabayaan kang mangisa at magbigay ng kaiba pang proteksyon.

- Hindi kailangan na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente para makakuha ng utos ng proteksyon. Ang pagkuha ng utos ng proteksyon ay walang epekto sa katayuhan ng iyong imigrasyon.

- Ang iyong utos ng proteksyon ay palaging nasa iyo sa lahat ng oras.

ANO ANG 'FULL FAITH AND CREDIT' AT PAANO KA ITO MAPROTEKTAHAN? WHAT IS FULL FAITH AND CREDIT AND HOW DOES IT PROTECT YOU?

Kung mayroon kang utos ng proteksyon, maari itong ipatupad sa ano mang estado o teritorio ng U.S.

ANO KUNG ISA AKONG IMIGRANTE NA BIKTIMA NG LIHIM NA PAGSUBAYBAY? WHAT IF I AM AN IMMIGRANT VICTIM OF STALKING?

- Hindi mo kailangan na maging isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente para magamit ang mga programa at serbisyo para sa biktima. Maski ikaw ay walang dokumento sa pagtira mo dito, maari mong magamit ang mga serbisyong ito.

- Kung wala kang dokumento sa pagtira mo dito o mayroon kang ibang katayuhan ng imigrasyon, katulad ng dayuhan na estudiante o bisita, at ikaw ay lihim na sinusubaybayan, maari kang kumuha ng katayuhan na legal na permanenteng residente. Kausapin mo ang isang imigrasyon na abogado kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong legal na katayuhan. Huwag kang pumunta sa Kawanihan ng Mamamayan at Serbisyo ng Imigrasyon [Bureau of Citizenship and Immigration Services (formerly INS)] para magpatulong na hindi ka muna nakipagusap sa isang abogado.

- Itago mo sa ligtas na lugar ang mga importanteng dokumento katulad ng pasaporte, o tarheta ng dayuhan (alien card). Maari mo din gusting itago ang mga kopya ng importanteng dokumento sa mapagkatiwalaan mong kaibigan kung sakaling kailanganin mo ang mga ito kung may emerhensya.

- Palagi kang humingi ng tagapagsalin (interpreter) kung hindi ka masyadong marunong mag-Ingles.